


ANO ANG METHANOL POISONING?

Hindi inisyal na toxic ang methanol, pero sumasailalim ito sa metabolismo at nagiging napaka-toxic na formic acid. Nakatuon ang paggamot sa pag-block ng enzyme (ADH) gamit ang antidote (ethanol), pag-buffer sa metabolic acidosis sa pamamagitan ng bicarbonate, at, kung posible, paggamit ng dialysis para alisin ang methanol at formate para ang metabolic acidosis. Maaari ding ipainom ang folic acid para mapabuti ang panloob na metabolismo ng formate.



PAANO ANG ACCESS SA MGA GAMOT?



Ang pinakamahalagang bahagi ng paggamot ay ang **agang pag-inom ng antidote**. Maliban sa alcohol (ethanol), ang tanging antidote lang ay ang **Fomepizole**. Kasama ang Fomepizole sa Listahan ng Mahahalagang Gamot ng WHO noong 2013. Isa itong napatunayang gamot sa ilalim ng mga pandaigdigang gabay, pero dahil sa kasalukuyang presyo nito, hindi ito mabili ng karamihan sa mga biktima sa mga bansang may mataas na panganib ng methanol poisoning kung saan apektado ang mga tao. Gumagawa ng paraan ang MI para gawing available ang Fomepizole sa presyong kakayaning bayaran ng nakararami at mapagtiibay ito bilang isang pangunahing antidote.



KAILAN DAPAT HUMINGI NG TULONG:

Magagamot ang methanol poisoning kung mada-diagnose ito sa loob ng 10 hanggang 30 oras matapos ang paglulon.

Kung may mga pasyenteng matinding pinaghihinalaang nakakaranas ng methanol poisoning, tawagan ang inyong lokal na ospital para sa payo at para talakayin ang mga posibilidad para maibsan ito.

Isa sa mahahalagang dahilan para dito ay ang posibilidad na matukoy ang ilegal na alak sa paligid, para masimulan ang maagang paggamot, at para mabigyan ng babala ang publiko tungkol sa mga posibleng panganib, sa lalong madaling panahon.

Kung saan may isa, karaniwang marami pa.

Ang lahat ng impormasyon dito ay para lang sa layuning makapagbigay ng impormasyon at hindi nakalaan para maging panghalili sa independiyente at propesyonal na medikal na paghugsa, payo, diagnosis, o paggamot.



METHANOL.ORG/BOOTLEGALCOHOL-PREVENTION



ALAM MO BA KUNG ANO ANG NASA INUMIN MO?



POSIBLE BANG METHANOL POISONING ITO?



01 MGA SINTOMAS

HISTORY NG PAG-INOM?



Uminom ba ang pasyente ng ilegal/bootleg na alak at/o umiinom ng may pinaghihinalang kaso ng methanol poisoning?

NAKAKARAMDAM NG HUNGOVER?



Naduduwal at hindi maganda ang pakiramdam.

PANAKIT NG DIBDIB O MGA GASTROINTESTINAL NA SINTOMAS?



Matinding panakit ng dibdib at mga gastrointestinal (GI) na sintomas, panakit ng tiyan.

HYPERVENTILATION?



Mahigit sa 25 paghinga kada minuto.

MGA PROBLEMA SA PANINGIN?



Lahat ng uri ng problema sa paningin, mula sa nanlalabong paningin hanggang sa ganap na pagkabulag.

COMA?



Walang malay.



02 PAGGAMOT

Kung Asymptomatic na Pasyente:

Obserbahan. (Tingnan ang mga sintomas sa bandang kaliwa sa ibaba)

Hyperventilation, Walang Problema sa Paningin:

Bigyan ng ethanol at bicarbonate. Obserbahan sa loob ng minimum na 24 na oras.

Hyperventilation, May Problema sa Paningin, May Malay:

Bigyan ng ethanol, bicarbonate, folinic (o folic) acid, pag-isipang dalhin sa mga pasilidad para sa dialysis.

Nagha-hyperventilate, Coma:

Bigyan ng ethanol, bicarbonate, folinic (o folic) acid, dalhin sa mga pasilidad para sa dialysis.

Normoventilation O Hyperventilation (Mabagal na Paghinga), Coma

- Malamang na hindi tumpak na prognosis kung methanol poisoning.
- Mag-ingat sa paggamit ng ethanol kung sakali mang isa itong ethanol intoxication maliban na lang kung nakakasigurong methanol poisoning ito.
- Bigyan ng bicarbonate, folinic (o folic) acid at pag-isipang dalhin ang pasyente sa referral na ospital.



03 DOSIS



FOMEPIZOLE

- Karaniwang ginagamit ang Fomepizole para pigilan ang metabolismo ng methanol, pero kung hindi ito agarang available, may kaparehong epekto ang mataas na dosis ng ethanol.



BICARBONATE (NaHCO_3):

- 500 mmol/L: Bigyan ng 250–500 mL o higit pa sa loob ng 1–2 oras hanggang sa mawala ang hyperventilation (RF <20 /minuto).
- 167 mmol/L: Bigyan ng 1000–1500 mL o higit pa sa loob ng 1–2 oras hanggang sa mawala ang hyperventilation (RF <20 /minuto).
- Kung oral treatment lang ang available: Mga tableta na 500 mg bicarbonate (= 6 mmol), 6–10 tableta kada oras hanggang sa mawala ang hyperventilation (RF <20 /minuto).



FOLINIC (OR FOLIC) ACID:

- 50 mg iv. o sa pamamagitan ng pag-inom (hal. 10 tableta na 5 mg) kada 6 na oras sa loob ng 24–48 oras.



KUNG KINAKAILANGAN ANG INTUBATION:

- Dapat nagha-hyperventilate ang pasyente (RF >25/minuto) (hanggang sa mailipat siya sa unit na may ICU.) Bigyan kaagad ng antidote (ethanol sa pamamagitan ng pag-inom o pag-inject). Tingnan ang mga dosis na dapat ibigay sa ibaba.

ETHANOL	5% ETHANOL (beer)	10% ETHANOL (beer)	20% ETHANOL (fortified wine)	40% ETHANOL (spirits)
Inisyal na dosis	15 mL/kg	7.5 mL/kg	4 mL/kg	2 mL/kg
Dosis sa pag-inom (oras) (hindi regular na umiinom)	2 mL/kg/hr	1 mL/kg/hr	0.5 mL/kg/hr	0.25 mL/kg/hr
Dosis sa pag-inom (oras) (regular na umiinom)	4 mL/kg/hr	2 mL/kg/hr	1 mL/kg/hr	0.5 mL/kg/hr

